## Ikaapat na Linggo ng Kuwaresma (A) – 15.03.2026

*1 Sam 16,1.6-7.10-13; Ef 5,8-14; Jn 9,1-41*

### Panimula

Ilang taon na ang nakalipas, may nabasa akong kuwento tungkol sa isang batang lalaki sa paaralan

na mahilig gumawa ng detalyadong mga modelo mula sa mga piraso ng kahoy at tirang bakal.

Madalas siyang pagtawanan ng kanyang mga kaklase. “Bakit mo sinasayang ang oras mo dito?

Maliit lang iyan, walang silbi, at walang makakapansin,” sabi nila. Ngunit tahimik siyang nagpatuloy,

maingat na hinuhubog ang kanyang mga likha, at nakikita niya ang mga posibilidad na hindi

napapansin ng iba. Isang guro ang huminto upang panoorin siya, at agad niyang nakita ang pag-

iingat, pagkamalikhain, at dedikasyon sa bagay na tila walang halaga sa paningin ng iba. Ang minamaliit ng iba ay nakita ng guro na puno ng potensiyal.

Ang mga pagbasa natin ngayon ay tumatawag sa atin na tumingin sa ganoong mga mata. Sa Unang

Pagbasa, inakala ni Samuel na ang panganay na si Eliab ang dapat piliin bilang hari, matangkad,

malakas, at kahanga-hanga. Ngunit si David ang pinili ng Diyos, ang bunso, isang simpleng pastol,

na hindi napapansin ng iba ngunit puno ng pananampalataya sa Diyos. Nakikita ng Diyos ang

madalas hindi nakikita ng mga mata ng tao.

Sa Ebanghelyo, nakatagpo ni Jesus ang isang lalaking bulag mula sa kapanganakan. Sa mata ng

mundo, siya ay nahuhubog ng kanyang kahinaan—hindi makakita, umaasa sa iba, at tila nasa

laylayan ng lipunan. Ngunit nakita ni Hesus ang kanyang puso at Siya ay kumilos—nagbibigay

liwanag kung saan ay madilim, nagbibigay paningin kung saan may pagkabulag, at ipinapahayag ang

kapangyarihan at awa ng Diyos.

Pinapaalala sa atin ng dalawang pagbasa: hindi sa panlabas na anyo tumitingin ang Diyos.

Nakikita Niya ang ating mga puso, ang ating mga kakayahan, at ang ating pananampalataya kung

saan wala na tayong nakikita. Ngayong tayo ay nagtitipon, inaanyayahan tayong buksan ang ating

mga mata at puso sa pagkilos ng Diyos sa ating buhay, upang makita ang pagsikat ng Kanyang

liwanag kahit sa mga ordinaryo, hindi napapansin, at maging sa mga basag o sugatang bahagi ng

ating buhay. Magsaya tayo dahil ang biyaya ng Diyos ay binabago ang tila maliliit at mahihina upang

maging kasangkapan ng Kanyang pag-ibig at kaluwalhatian.

## Homiliya – Pagtingin sa Pamamagitan ng mga Mata ng Diyos

Ilang taon na ang nakalipas, ang Radyoo Horeb, kung saan ako nagtatrabaho, ay nag-anunsyo ng

isang bakanteng posisyon sa departamento ng editoryal. Ang mga aplikante ay kinakailangang

Katoliko, handang magpatotoo sa kanilang pananampalataya, may kaalaman sa kompyuter—at

kailangang magsumite ng makabuluhang mga dokumento sa kanilang aplikasyon. Makabuluhan,

siyempre, sa mata ng Simbahan. Ngunit ang tunay na tanong ay: ano ang tunay na makabuluhan sa

mata ng Diyos? Ano ang mga kwalipikasyon na mahalaga kapag may pinipili ang Diyos para sa Kanyang gawain?

Ang tanong na ito ay makikita rin sa ating unang pagbasa ngayon. Kailangan ng mga Israelita ang isang bagong hari. Si Saul ay tinanggihan dahil hindi siya sumunod sa Diyos. Kaya ipinadala ng Diyos si propetang Samuel kay Jesse sa Bethlehem: isa sa mga anak ni Jesse ang pipiliin bilang hari. Tulad ng marami sa atin, tumingin si Samuel sa panlabas na anyo. Nakita niya si Eliab—matangkad, malakas, panganay—tiyak na siya na ang pipiliin! Ngunit sinabi ng Diyos: "Huwag mong tingnan ang kanyang anyo o ang kanyang katangkaran, sapagkat hindi siya ang pinili ko. Hindi tumitingin ang Panginoon na katulad ng tao; ang tao ay tumitingin sa panlabas na anyo, ngunit ang Panginoon ay tumitingin sa ating mga puso."

Isa-isang dumaan ang mga anak ni Jesse sa harap ni Samuel, ngunit wala ni isa ang napili. Sa huli, dinala ang bunso na si David, ang batang pastol na nag-aalaga ng mga tupa, maliit at tila walang halaga. At sinabi ng Diyos: "Siya ang aking pinili." Pinahiran siya ni Samuel ng langis, at mula sa sandalling iyon ang pinakamaliit na anak ang naging pinakadakilang hari ng Israel—isang taong ayon sa puso ng Diyos.

Iba ang paraan ng Diyos sa pagpili kaysa sa atin. Sa puso Siya tumitingin. Nakikita Niya ang ating kakayahan, pananampalataya, at bukas na kalooban, hindi ang mga napagaralan, kalakasan, o katanyagan. Tingnan natin ang mga apostol: si Pedro, isang simpleng mangingisda na tatlong beses

itinanggi si Kristo, ngunit naging bato o pundasyon ng Simbahan. Tingnan natin si Jean-Marie

Vianney, isang estudyanteng nahirapan sa pag-aaral at tila napaka-ordinaryo lamang ang anyo,

ngunit naging patron ng mga pari ng parokya. Nagugustuhan ng Diyos ang pagpili sa mga hindi

napapansin, ang mahihina, at ang ordinary, at sa pamamagitan nila sumisikat ang Kanyang

kaluwalhatian.

At dito tayo dinadala ng Ebanghelyo ngayong araw, ang kuwento ng lalaking bulag mula sa kanyang

kapanganakan. Isipin natin kung bukas may anunsyo sa pahayagan na magbibigay ng isandaang

euro sa sinumang pupunta sa plaza ng bayan. Marami ang magdududa, maghihinala ng panlilinlang.

Ngunit may ilan, titignan, pagdidiskusyunan, at pagtatawanan lamang ito. At may mga ilang bata o

yung mga nangangailangan, ang tatakbo upang tanggapin ang regalo at magbubunyi. Sa

Ebanghelyo, ang bulag na lalaki ay tumanggap ng higit pa sa pera: ang paningin mismo. Pinagaling

siya ni Jesus sa paraang tila kakaiba—ginamit ang putik na hinaluan ng Kanyang laway—ngunit ito

ay tanda ng malapit na ugnayan ng Diyos sa tao.

Ngunit ang mundo ay nag-aalinlangan. Ang mga kapitbahay ay nagdududa. Ang mga Pariseo ay

nagtatanong at nag-aakusa. Hindi nila makita ang mga gawa ng Diyos kahit nasa harapan na nila ito.

Samantalang ang dating bulag, nang siya’y gumaling, nakilala niya kung sino si Hesus. Napunta siya

mula sa kadiliman hanggang sa liwanag, sa parehong pisikal at espirituwal na paraan. Siya ay naging

saksi at lumuhod sa Panginoon: “Sumasampalataya ako, Panginoon.”

Kaya ano ba talaga ang ibig sabihin ng makakita, yung totoong nakakakita? Maaaring si Steve Jobs

ang lumikha ng iPhone na nag-uugnay sa mundo sa pamamagitan ng mga larawan at teknolohiya,

ngunit ang isang taong bulag ay maaring hindi makikinabang sa mga larawang iyon. Sa kabaligtaran,

si Hesus ang nagbibigay sa atin ng paningin mula sa ating puso, ang kakayahang makita ang

panloob na buhay. Tulad ng paalala ni San-Exupéry sa Ang Munting Prinsipe: “Nakakakita lamang ng

maliwanag ang isang tao kapag gamit nito ang kanyang puso. Hindi nakikita ng ating mga mata kung

ano ang mahalaga.”

Ang makakita sa pamamagitan ng mga mata ng Diyos ay ang pagtingin lampas sa panlabas na anyo.

Ibig sabihin nito ay ang makita natin ang kakayahan, dignidad, at kabutihan ng ibang tao kahit hindi

ito pinapansin ng lipunan. Ibig sabihin nito ay mapansin natin ang mga nasa laylayan, ang mga

mapagpakumbaba, ang mahihirap, ang makasalanan—katulad ni David na nasa kabukiran o kaya ng

bulag na lalaki sa lansangan. Ibig sabihin nito ay ang ating pagpili na manampalataya kaysa sa

magdududa, ang pagkaroon ng pag-asa kaysa pagka-takot.

Hindi ito isang konsepto lamang. Inaanyayahan tayo ng Kuwaresma na isabuhay ito. May dalawang

magkapatid ang nag-aaway tungkol sa gawaing bahay; ang kapitbahay natin ay tahimik na

nahihirapan; ang kasamahan natin sa trabaho na may dalang mabigat na pasanin na hindi natin

alam. Sa mga sandaling ito, inaanyayahan tayo ng Diyos na tumingin nang mas malalim at tumugon

nang may kabaitan, pasensya, at pag-unawa. Sinabi ni Eugen Roth: “Ang tao minsan ay lubos na

nagbabago kapag siya'y tinuring nang makatao." Sa ganoon ding paraan, ang ating

pananampalataya ay nakapagpapabago ng iba kapag ito ay kumikilos dahil sa pagmamahal.

Hinahamon din tayong harapin ang kadiliman. Sabi ni Pablo sa mga taga-Efeso:

"Gumising ka, ikaw na batugan, bumangon ka mula sa kamatayan, at magliliwanag si Kristo sa iyo."

Bilang mga anak ng liwanag, inilalantad natin ang kawalang-katarungan, nagsasalita tayo laban sa

kasalanan, at hinahayaan nating magliwanag ang Diyos sa ating buhay. Katulad ng paningin ng

dating bulag na nagbigay liwanag sa kanyang paligid, ang ating sariling liwanag, gaano man kaliit ito,

ay makapagbibigay liwanag sa ating pamilya, komunidad, at ang ating Simbahan.

Madalas pinipigilan tayo ng ating takot upang magliwanag tayo. Sinabi ni Nelson Mandela:

"Ang ating pinakamalalim na takot ay hindi dahil tayo ay may pagkukulang… takot tayo sa sarili

nating liwanag."

Binigyan tayo ng Diyos ng natatangi nating liwanag—isang kaloob upang ipakita ang Kanyang

kaluwalhatian. Ang pagtatago ng ating sarili upang maging komportable ang iba ay hindi

nakakatulong sa mundo. Si David, ang mapagkumbabang pastol, ay nagliwanag dahil ang Diyos ang

nagliwanag sa pamamagitan niya. Ganoon din tayo kapag nagtitiwala, sumusunod, at kumikilos nang

may pag-ibig.

Ngayong araw, tanungin natin ang ating mga sarili: Sino ba talaga ang tunay na bulag? Sino ang

tunay na nakakakita? Ang mga Pariseo ba na nakakapit sa kanilang mga patakaran, o ang lalaking

pinagaling at nakita ang katotohanan at pagmamahal? At higit sa lahat, paano tayo tumutugon sa

liwanag ng Diyos sa ating mga sariling buhay? Nakikita ba natin ang Kanyang mga kilos?

Nagtitiwala ba tayo sa Kanya? Pinapabayaan ba natin ang Kanyang pananaw upang mahugis ang

ating mga puso at mga pasya natin sa buhay?

Bayaan Ninyo akong magtapos sa isang kuwento. Ilang taon na ang nakakalipas, may isang sanggol

na napaagang ipinanganak at sinabing masyadong mahina upang mabuhay. Nag-alinlangan ang

mga manggagamot at pinabayaan na lamang ito ayon sa natural na takbo ng buhay. Ngunit nagdasal

ang mga magulang ng bata, inalagaan ang bata, pinahalagahan siya at kalaunan ay lumakas siya.

Nang lumaki ang bata, ito'y naging isang taong katangi-tangi ang lakas ng loob, kabutihan, at

paglilingkod sa kapwa. Ang mga paraan ng Diyos ay madalas nakatago, hindi inaasahan, at

kamangha-mangha—pinipili Niya ang hindi pinapansin ng mundo at kumikinang kung saan hindi

inaasahan.

Mga kapatid, buksan natin ang ating mga puso, at tumingin tayo sa pamamagitan ng mga mata ng

Diyos, at hayaan nating gabayan tayo ng Kanyang liwanag. Magbunyi tayo sa Kanyang gawa sa

buhay ng iba, magtiwala tayo sa Kanyang mga kaparaanan, at magliwanag tayo nang may

katapangan sa mundong lubhang nangangailangan ng liwanag.

Amen.

- **Translated by William Valdrez, Jr.**